# GABAY SA PABAHAY SA VERNON

Enero 2024



Matatagpuan ang Konseho ng Panlipunang Pagpaplano para sa Hilagang Okanagan sa tradisyunal na lupain ng ninuno, at hindi isinukong teritoryo ng Nasyon ng Okanagan Syilx. Kinikilala at nagpapasalamat kami sa lupa kung saan kami naninirahan at nagtatrabaho at sa mga taong Syilx na nag-aalaga sa lupa mula pa noon.

## TULONG SA PAG-UPA NG BAHAY

**Programa sa Pag-upa ng Bahay (Pamilya):** Para sa mga magulang na may kahit isang anak, na nagtatrabaho at kumikita ng $40,000 o mas mababa (bago ang buwis).

**Shelter Aid for Elderly Renters Program (SAFER):** Para sa mga nakatatandang mamamayan na may edad 60 pataas na may mababang kita.

**Canada-BC Housing Benefit Program (Programa ng Benepisyo sa Pabahay ng Canada-British Columbia):** Para sa mga taong hindi kwalipikado sa Programa ng Tulong sa Pag-upa ng Bahay sa British Columbia.

**Para sa karagdagang impormasyon ukol sa mga programang ito, bisitahin ang:** bchousing.org/housing-assistance/rental-assistance-programs

## PROGRAMA SA PAG UTANG SA PANAHON NG KAGIPITAN PARA SA PAG-UPA

**North Okanagan Rent Bank (Bangko ng Pag-upa sa Hilagang Okanagan):** **Isang beses na pautang** para sa mga nangungupahan (na may mababa hanggang katamtamang kita) na nakararanas ng pansamantalang pagsubok sa pinansyal (halimbawa, bayarin ukol sa pagpapatingin sa dentista, pagpakumpuni ng sasaskyan) na naglalagay sa kanila sa panganib na mapaalis o na mawalan ng mahahalagang serbisyong pangunahing pangkabuhayan.

**Para sa karapatan at karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Canadian Mental Health Association – Vernon (Asosasyon ng Kalusugan sa Isip ng Canada – Vernon):** www.cmhavernon.ca o tumawag sa 250-542-3114

## MGA KARAPATAN AT RESPONSIBILIDAD

**Para sa karagdagang impormasyon ukol sa inyong mga karapatan at responsibilidad bilang nangungupahan, mangyaring bisitahin ang:** gov.bc.ca/gov/content/housing-tenancy/residential-tenancies

**Para sa legal na impormasyon sa mga batas ng pag-uupa at suporta sa mga proseso ng apila, mangyaring makipag-ugnayan sa** Okanagan Advocacy & Resource Society Services (Serbisyo ng Paninindigan at Pangangailangan ng Lipunan ng Okanagan) sa 778-475-0808



## Mag-aplay para sa Abot-kayang Pabahay sa Vernon:

**Pagpapatala ng Pabahay sa British Columbia:**

1. Kumuha ng Dokumentong Aplikasyon para sa Serbisyong Rehistrasyon sa Pabahay
   - ·Humiling ng dokumentong aplikasyon para sa Pagpapatala ng Pabahay sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-257-7756, ilimbag mula sa websayt ng BC Housing (Pabahay ng British Columbia), o punan ang dokumento online.
2. Tapusin ang Dokumentong Aplikasyon.
3. Ipasa ang tapos na Dokumentong Aplikasyon.
   - Online: Ipasa gamit ang BC Housing's Program Upload Form (Programa ng Pabahay ng BC)
   - ·Sa pamamagitan ng sulat/koreo: The Supportive Housing Registry, BC Housing, 101-4555 Kingsway, Burnaby, B.C., V5H 4V8
   - Sa fax: 604-439-4729

**Lokal na Pabahay ng Non-Profit (Walang-tubo):**

Karamihan sa mga non-profit (walang-tubo) na organisasyon na may pabahay ay may kanilang sariling mga dokumentong aplikasyon. Pinakamabuti na magparehistro sa pamamagitan ng BC Housing Registry (Pagpapatala ng Pabahay sa BC) at direkta sa mga lokal na non-profit (walang-tubo) na ahensya sa pabahay.

# MGA PANSAMANTALANG SILUNGAN

**Vernon Amalgamated Shelter (2506 37th Street, Vernon, BC)**

- Para sa mga tao na mahigit sa edad na 19 na walang bahay o may mga hadlang sa pabahay.
- Ang pagrehistro ay batay sa nauna (unang-dating, unang-serbisyo) at nakadepende sa magagamit na kama.
- Makipag-ugnayan sa Turning Points Collaborative Society sa (250) 241-2217.

**Transition House Program**

- Pansamantalang silungan para sa mga kababaihan (mayroon man o walang mga anak) na nangangailangan ng agarang kaligtasan mula sa pang-aabuso sa kanilang relasyon at para sa mga bagong biktima ng panggagahasa.
- Makipag-ugnayan sa Archway Society for Domestic Peace sa 250-558-3850

**Vernon Youth Safe House (#206-2905 28th Ave, Vernon, BC)**

- Para sa mga kabataang may edad 13 – 18 na walang tahanan, nanganganib na mawalan ng tahanan, o nanganganib na mapunta sa hindi ligtas na kapaligiran.
- Makipag-ugnayan sa North Okanagan Friendship Center Society sa 250-260-7077.



# LOKAL NA MGA MAPAGKUKUNAN

**Archway Society Society for Domestic Peace**

- Pansamantalang silungan para sa mga babae (mayroon man o walang mga anak) na nangangailangan ng agarang seguridad mula sa pang-aabuso sa kanilang relasyon at para sa mga kamakailan-lamang nakaligtas sa sekswal na pag-atake.
- Makipag-ugnayan sa: 250-558-3850 o www.archwaysociety.ca

**Canadian Mental Health Association Vernon & District (CMHA-Vernon)**

- Pabahay para sa mga solong nasa hustong gulang, mag-asawa, pamilya, mga nakatatanda, at mga taong may kapansanan.
- Adres: 3100-28 Ave, Vernon, BC
- Makipag-ugnayan sa: 250-542-3114 o www.cmhavernon.ca

**Vernon Native Housing Society**

- Pabahay para sa mga Katutubo at di-Katutubong indibidwal, pamilya, mga Matanda at nakatatanda
- Adres: #41 - 4305 19 Ave, Vernon, BC
- Makipag-ugnayan sa: 250-542-2834 o www.vernonnativehousing.ca

**Okanagan Village Housing Society**

- Pabahay para sa mga indibidwal, pamilya, mga nakatatanda, at mga taong may kapansanan
- Adres: #100 3502 27 Ave, Vernon, BC
- Makipag-ugnayan sa: 250-545-6475 o www.okvillage.ca

**Turning Points Collaborative Society**

- Pabahay para sa mga indibidwal, pamilya, mga nakatatanda, at mga taong may kapansanan.
- Mga programa at serbisyo para sa pag-iwas sa pamamalagi sa lansangan, mga pansamantalang kanlungan, at iba pa.
- Adres: #102 3301 24 Ave, Vernon, BC
- Makipag-ugnayan sa: 250-542-3555 o www.turningpoints.ngo

**North Okanagan Friendship Center Society**

- Pabahay para sa mga Katutubo at di-Katutubong kabataan (edad 19-29) na walang tahanan o nasa panganib na mawalan ng tirahan dahil sa pisikal, sosyal, o mental na kondisyon o kapansanan
- Adres: 2905 28 Ave, Vernon, BC
- Makipag-ugnayan sa: 250-542-1264 o www.nofcs.ca

**NexusBC**

- Senior Housing Guide & Connect Program (Programa patungkol sa Pag gaabay sa Pabahay at Pagkunekta para sa mga Nakatatanda)
- Suporta sa mga taong nag-aaplay para sa pabahay, pag-aasikaso ng mga problema, at mga rekomendasyon sa mga mapagkukunan
- Adres: #102, 3201 30 Street, Vernon, BC
- Makipag-ugnayan sa: 250-545-0585 o www.nexusbc.ca

**Vernon & District Immigrant & Community Services Society**

- Suporta sa mga imigrante, mga tagatakas, pansamantalang manggagawa, at mga bagong dating na nag-aaplay para sa pabahay
- 3003 30 Street, Vernon, BC
- Makipag-ugnayan sa: 250-542-4177 o www.vdicss.org

# IBA PANG PARAAN MAKAHANAP NG PABAHAY

01 Nagbibigay ang Kijiji ng iba't ibang mga paupahan para sa paupahang bahay, bahay, o condo: Kijiji.ca

02 Nagbibigay ang Castanet ng komprehensibong listahan ng mga paupahan na magagamit sa Kelowna, Penticton, Vernon, at Kamloops: Castanet.net

03 Ang mga grupo sa Facebook ay isang mahusay na mapagkukunan para sa paghahanap ng pabahay. Ilan sa mga grupo ay kinabibilangan ng: Vernon BC Places for Rent, For Rent in Vernon, BC, Vernon Home & Suite Rentals, at Pet Friendly Okanagan House, Apartment, and Suite Rentals

04 Ang iba pang mahusay na mga websayt ay kinabibilangan ng: Rentals Vernon, Zumper, at Happipad